



MICHELLE BAASS
DIRECTOR

State of California—Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services



GAVIN NEWSOM
GOVERNOR

**Mahalagang balita tungkol sa iyong saklaw pangkalusugan
Coronavirus (COVID-19) Uninsured Group Program**

Minamahal na Benepisyaryo,

Ikaw ay naka-enroll sa Coronavirus (COVID-19) Uninsured Group Program. Sinasaklaw lamang nito ang mga kinakailangang medikal na pagsusuri para sa COVID-19, mga serbisyong nauugnay sa pagsusuri, at paggamot.

Ang COVID-19 Uninsured Group Program ay magtatapos sa May 31, 2023.
Ang programa ay matatapos dahil nagbago ang batas.

Alamin kung ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal o Covered California
Maaari kang mag-aplay sa walang bayad o mababang bayad na saklaw pangkalusugan sa pamamagitan ng Medi-Cal o Covered California. Mayroong isang aplikasyon para sa parehong mga programa.

MAG-APLAY NGAYON sa isa sa mga paraang ito:

- **Online** sa CoveredCA.com, MyBenefitsCALWIN.org o BenefitsCal.com
- **Gamit ang koreo**
Punan ang Aplikasyon para sa Seguro Pangkalusugan na kasama ng sulat na ito at ipadala sa koreo:
Covered California
P.O. Box 989725
West Sacramento, CA, 95798-9725

O ipadala sa koreo ng lokal na tanggapan ng iyong lalawigan. Hanapin ang impormasyon ng lokal na tanggapan ng iyong lalawigan sa <http://dhcs.ca.gov/COL>. O tumawag ng tulong sa linyang pang Medi-Cal sa 800-541-5555.

Maaari rin i-download ang papel na aplikasyon sa maraming lengwahe sa <https://www.dhcs.ca.gov/aplayformedi-cal>.

- **Gamit ang telepono**

Tumawag sa Covered California sa 800-300-1506. O tumawag sa lokal na tanggapan ng iyong lalawigan. Hanapin ang lokal na tanggapan ng iyong lalawigan sa at <http://dhcs.ca.gov/COL>. O tumawag ng tulong sa linyang pang Medi-Cal sa 800-541-5555.

- **Sa personal**

Mag-aplay nang personal para sa saklaw ng Medi-Cal o Covered California sa lokal na tanggapan ng iyong lalawigan. Hanapin ang lokal na tanggapan ng iyong lalawigan sa <http://dhcs.ca.gov/COL>. O tumawag sa 800-541-5555.

Mag-aplay para sa Covered California bago matapos ang saklaw ng iyong COVID-19 Uninsured Group Program!

Dahil sa Pampublikong Emerhensiyang Pangkalusugan sa COVID-19, ang Covered California ay may espesyal na panahon para sa pagpapatala. Ito ay matatapos **60 na araw** pagkatapos ng huling araw ng buwan kapag natapos ang Pampublikong Emerhensiya Pangkalusugan. Maaari ka rin magpatala kung ikaw ay mayroon pang isang pangyayari sa buhay na dahilan upang mag-kwalipika. O magpatala habang bukas pa ang panahon ng pagpapatala ng Covered California.

Upang mag-aplay online sa Covered California, pumunta sa CoveredCA.com/apply.

- Sa dropdown-menu na “Special Enrollment”, piliin ang “Pandemic (COVID-19)/Pampublikong Emerhensiyang Pangkalusugan” bilang pangyayari sa iyong buhay upang mag-kwalipika.
- Para sa petsa ng pangyayari sa iyong buhay upang mag-kwalipika, ilagay ang kasalukuyang petsa.

Paano kung makakuha ako ng bill para sa pagpapasuri o pagpapagamot ng COVID-19?

- Kung makatanggap ka ng bill para sa pagpapasuri o pagpapagamot para sa COVID-19 **bago** matapos ang programa, sabihin sa Medi-Cal na tagasingil na isumite ang claim sa Medi-Cal imbis na singilin ka.
- Kung nakakuha ka ng pagpapasuri o pagpapagamot para sa COVID-19 **pagkatapos** matapos ng programa, maaari kang mag-aplay para sa Medi-Cal at ma-saklaw ang mga serbisyo kung ikaw ay kwalipikado. Kabilang dito ang hanggang tatlong buwan na retroaktibong (likod) saklaw ng Medi-Cal. Kung ikaw ay nagpatala sa Covered California, sabihin sa tigasingil na isumite ang claim ng iyong kompanya ng segurong pangkalusugan.
- Kung ikaw ay nagbayad para sa pagpapasuri o pagpapagamot sa COVID-19 habang ikaw ay nasa COVID-19 Uninsured Group Program maaari kang humingi ng refund. Tumawag sa Medi-Cal Beneficiary Service Center sa 916-403-2007. Upang malaman ang higit pa tungkol sa refund, pumunta sa webpage ng Medi-Cal Out-of-Pocket Expense Reimbursement (Conlan) sa <https://www.dhcs.ca.gov/conlan>.

Maaari ba akong kumuha ng bakuna, pagpapasuri, o gamutan para sa COVID-19 kapag natapos na ang programang ito?

Pagkatapos matapos ng programa, maaari ka pa rin mabakunahan ng libre. Upang malaman ang higit pa, pumunta sa www.myturn.ca.gov.

Kung kailangan mo ng pagsusuri o gamutan para sa COVID-19 pagkatapos matapos ng programang ito, maaari kang mag-aplay sa Medi-Cal o Covered California. Kung ikaw kwalipikado, maaaring masaklaw ka para sa mga serbisyo at higit pa para sa COVID-19.

Mga Tanong?

- Mag-email sa COVID19Apps@dhcs.ca.gov.
- O tumawag 916-552-9200.
- O ipadala sa koreo ang iyong mga tanong:
Department of Health Care Services
Medi-Cal Eligibility Division, MS 4607
P.O. Box 997417
Sacramento, CA 95899-7417

Upang makakuha ng tulong sa ibang lenggwahe, gamitin ang telepono na nakalista sa Notice of Language Services na kasama ng sulat na ito.

Salamat,

Department of Health Care Services
State of California

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Iyong Mga Karapatan sa Makatarungang Pagdinig

Ang COVID-19 Uninsured Group Program ay magtatapos sa May 31, 2023, dahil nagbago ang batas. Hindi mo maaaring i-apela ang pagwawakas ng programa dahil sa pagbabago sa batas. (Ang apela ay isang proseso kung saan ipinagtatalunan mo ang isang desisyon at humihingi ka ng patas na pagdinig upang suriin ang desisyon.) Maaari kang humiling ng patas na pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyong nauugnay sa iyong aplikasyon, mga benepisyo, o mga serbisyo sa Medi-Cal. Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa kung paano humiling ng pagdinig sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/fair-hearing>.

O maaari kang tumawag sa 1-800-743-8525 (TTY: 1-800-952-8349).